Republic of the Philippines
Department of Education
Region IV-A (CALABARZON)
DIVISION OF CAVITE
Trece Martires City

Hulyo 25, 2016

PANDIBISYONG MEMORANDUM
Blg. 089, s. 2016

IKA-3 KONGRESO NG MGA GURO NG FILIPINO SA REHIYON IV- A

Sa mga: Pangalawang Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pansamantalang Nanunungkulang Pangalawang Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe CID at SGOD
PandibisyongTagamasid sa Filipino
Pampublikong Pampurok Tagamasid Na Nakatalaga sa Filipino
Susing Punongguro Elementarya at Sekundarya
Ulongguro, Dalubguro, SusingGuro
Guro

1. Ang Taunang Kongreso ng mga Guro sa Filipino na may temang, **" WIKANG FILIPINO, INSTRUMENTO PARA SA MATAGUMPAY NA PROGRAMANG K TO 12 ",** sa pangunguna ng **SAMAHAN NG MGA TAGAMASID AT GURO NG FILIPINO SA REHIYON IV-A** sa pakikipagtulungan ng Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod ng Filipino (PASATAF) ay gaganapin sa ika-27 ng Agosto 2016 sa ganap na 8:00 nu – 5:00 nh sa Alonte Sports Arena Lungsod Biñan.

2. Layunin ng kongreso ang mga sumusunod:

a. Mag-angkin ng ganap na kaalaman sa karapatan at pananagutang legal ang mga gurong Filipino;
b. Makabuo ng resolusyon hinggil sa napagkasunduang karapatan at pananagutan ng mga gurong Filipino;
c. Epektibong makatugon ang mga gurong Filipino para sa mga mag-aaral sa ika-21 Siglo (Programang k to 12); at
d. Maparangalan ang mga guro sa kanilang masigasig na pagdalo sa tatlong taong kongreso sa Filipino.

3. Ang mga inaasahang dadalo ay mga Guro, Ulongguro, Punongguro, Pampublikong Pampurok Tagamasid nanakatalaga sa Filipino, at Tagamasid sa Filipino.

4. Ang bawat kinatawan ay may rehistrasyon sa halagang limandaang piso (Php 500.00) nailalaan para sa pagkain (miryenda at tanghalian), bayad sa lugar na pagdarausan, sertipiko at kit. Ang nasabing halaga ay maaaring makuha sa lokal na pondong paaralan.

5. Kalakip nito ang Gawain sa buong araw.

6. Inaasahan ang pagpapatupad ng Memorandum na ito.

CHERRYLOU D. DE MESA
Pansamantalang Nanunungkulan
Tagapamanihala ng mga Paaralan

Inklosyur Blg. 1 sa Pandibisyong Memorandum Blg. _____, s. 2016

IKA-3 KONGRESO NG MGA GURO SA FILIPINO REHIYON IV-A
TEMA: WIKANG FILIPINO, INSTRUMENTO PARA SA MATAGUMPAY NA PROGRAMANG K TO 12

27 Agosto 2016
8:00 nu – 5:00 nh
Alonte Sports Arena, Lungsod Biñan

PROGRAMA NG GAWAIN

ORAS	PAKSA	TAGAPAGSALITA / TAGAPAG-UGNAY	INAASAHANG BUNGA
7:00	Pagpapatala	Dr. Elpidia B. Bergado Dr. Tatlong Maria Dr. Glenda Catadman	Talaan ng mga nagsidalo
8:00	Pambukas na Palatuntunan	Dr. Raquel Azur	Palatuntunan
9:30	Unang Panayam: Karapatan at Pananagutang Legal ng mga Guro sa Filipino	Atty. Wade Latawan NEU-NCR Pangulo	Resolusyon Cresencia P. Nazareno
11:00	Ikalawang Panayam: Epektibong Tugon ng mga Guro para sa mga Maga-aaral ng Ika-21 Siglo (Programang K to 12)	Erick M. Habijan Public Servant CALABARZON	Resolusyon
12:30	Mananghalian Tayo!!!		
1:30	Pagpaparangal / Pagkilala sa mga Guro na nakadalo sa 3 Taong Kongresong CALABARZON	Dr. Elipidia B. Bergdao At mga Kasama	Resolusyon at Sertipiko
4:00	Huling Panayam: Pagbasa ng Resolusyon	Pamunuan : Samahan ng mgaTagamasid at Guro sa Filipino	
5:00	Pagsasara ng Kongreso		